

Kung nakakaranas ka ng mga paghihirap na nauugnay sa pagsusugal, ang aming self-exclusion program, **Game Break**, ay maaaring maging isang mahusay na paraan upang matulungan kang huminto nang pansamantala at mabawi ang kontrol.



Naghahanap ka ba ng agarang suporta?

Ang **Gambling Support BC** ay available 24/7 upang mag-alok ng mga libreng resources at mga serbisyo sa mga taga-British Columbia na nahihirapan sa pagsusugal nila o ng isang miyembro ng pamilya.

Tumawag sa **1-888-795-6111**

Ang bersyong Tagalog ay ibinigay bilang pagsasalin ng orihinal na bersyong Ingles. Kung sakaling mayroong anumang salungat sa pagitan ng dalawang bersyon, ang Ingles na bersyon ang mananaig.



720109

GAME BREAK

TUNGKOL SA PROGRAMA



Ano ang Game Break?

Ang programang Game Break ay nag-aalok ng pagkakataon na kusang-loob at kumpidensyal na huminto nang pansamantala sa pagpunta sa mga pasilidad ng pagsusugal at/o online na pagsusugal.

Ang Game Break ay makakatulong na suportahan ka kung:

- Ang pagsusugal ay naglalagay ng stress sa iyong pananalapi, kalusugan, o mga relasyon .
- Ang pagtigil o pansamantalang paghinto nang mahabang panahon sa pagsusugal ay makakatulong na mabigyan ka ng pakiramdam na ikaw ay may kontrol.
- Gusto mo ng tulong upang maisakatuparan mo ang pagbabago ng iyong mga gawi sa pagsusugal.

Paano ito gumagana?

Ang haba ng iyong pansamantalang paghinto ay maaaring **anim na buwan, isang taon, dalawang taon o tatlong taon**. Kapag nakapagrehistro ka na para sa Game Break, magsisimula kaagad ang iyong self-exclusion para sa napiling yugto ng panahon at ito ay hindi na maaaring mabago.

Habang ikaw ay nasa termino ng iyong pansamantalang paghinto...

- Awtomatikong isasara ng BCLC ang iyong kasalukuyang PlayNow account .
- Kung ikaw ay miyembro ng Encore Rewards, made-deactivate ang iyong account at ang anumang puntos na maaaring maging kwalipikado na ma-redeem para sa cash.
- Ikaw ay hindi makakatanggap ng mga direct marketing na materyales mula sa BCLC o sa mga operator ng pasilidad ng pagsusugal nito .
- Ang impormasyon at larawan na iyong isinumite ay ibibigay sa mga tanggapan ng seguridad sa mga naaangkop na pasilidad ng paglalaro upang matulungan kang matupad ang iyong pansamantalang paghinto.
- May opsyon kang makontak ng isang gambling support professional nang walang bayad. Kadalasan ay mas madaling magtagumpay sa pagkuha muli ng kontrol ang mga nag-a-access ng suporta o lumalahok sa gambling support habang self-excluded.



Ano ang mang-yayari kapag natapos na ang aking termino?

Gagabayan ka ng GameSense Advisor o miyembro ng kawani sa proseso ng pagpapatala at kukunan ka ng iyong larawan.

Virtual na Enrolment

Makipagpulong kasama ang isang Game Sense advisor sa pamamagitan ng video call para magabayan ka sa proseso ng pagpapatala at nang makuha ang iyong larawan. Tandaang ihanda ang iyong photo ID na mula sa gobyerno.

Upang mag-book ng appointment, tumawag sa **1-866-815-0222** at pindutin ang '3'.

Online na Self-Enrolment

Mag-log in sa iyong PlayNow account sa PlayNow.com o sa BCLC Lotto! app. Sa menu ng iyong account, pumunta sa "Take A Game Break" at gagabay sa iyo ang mga tagubilin sa screen sa proseso.

Tandaan: Ibubukod ka lang ng paraang ito mula sa pagsusugal sa PlayNow.com at sa BCLC Lotto! app.

Hindi ka ba sigurado kung aling opsyon ang pinakamainam para sa iyo?

Upang matulungan kang magsimula ng isang Game Break plan ngayon, makipag-usap sa iyong GameSense Advisor sa iyong pasilidad ng paglalaro o tumawag sa **1-866-815-0222** toll free at pindutin ang 3 (available 7AM hanggang hatinggabi araw-araw para sa agarang suporta).

Kung malapit nang matapos ang iyong termino ng pansamantalang paghinto, may dalawang paraan na maaari mong tahakin. Kung magpasya kang huwag gumawa ng anumang aksyon pagkatapos ng iyong Game Break period, patuloy kang hindi isasama sa paglalaro hanggang 12 na buwan pagkatapos ng iyong Game Break period.

1 - Unang Paraan: Pahabain ang termino ng aking pansamantalang paghinto

Hindi ka pa ba handang bumalik? Kung gusto mong pahabain ang iyong Game Break, mangyaring malaman na magagawa mo ito anumang oras. Hihilingin na iyong suriin at lagdaan ang isang bagong Game Break Enrolment Form, na muling tinutukoy ang bagong termino ng Game Break na gusto mo.

2 - Ikalawang Paraan: Handa ka na bang bumalik? Kumpletuhin ang mga kinakailangan sa muling pagbabalik

Tatlumpung araw bago mag-expire ang iyong termino ng Game Break, makakatanggap ka ng email na may mga tagubilin sa pagbabalik sa email address na ginamit mo sa pag-sign-up. Upang bumalik sa paglalaro, kumpletuhin ang sumusunod na dalawang hakbang anumang oras pagkatapos mong matanggap ang email na ito o pagkatapos mag-expire ang iyong Game Break. Tandaan, dapat mag-expire ang iyong termino ng Game Break bago ka makabalik sa paglalaro.

1 – UNANG HAKBANG: Kumpletuhin ang Kursong Game Plan

- Ang link para sa kurso ay ipapadala sa iyo sa email. Kung nagkakaproblema ka sa pag-access sa kurso, mangyaring makipag-ugnayan sa isang GameSense Advisor.
- Tutulungan ka ng kurso na gumawa ng mga desisyon kung babalik ka sa pagsusugal o kung gusto mo pang pahabain ang iyong termino ng pansamantalang paghinto. Available sa English, Simplified Chinese at Punjabi.

2 – IKALAWANG HAKBANG: Isumite ang Return to Play form

- Ipasok ang course completion code na ibinigay sa iyo pagkatapos mong makumpleto ang kursong Game Plan. Matapos mong isumite ang form, ang BCLC ay magpapadala sa iyo ng email sa loob ng pitong araw upang kumpirmahin kung kailan ka makakabalik sa paglalaro.

Paano ako mag-e-enrol?

Sa loob ng B.C., may tatlong opsyon para sa iyo:

In-Person sa anumang Pasilidad ng Pagsusugal

Bisitahin ang anumang casino, community gaming centre o commercial bingo hall at maghanda ng photo ID mula sa gobyerno.